

**Mga Umiiral at PPlanong Alituntunin
Para sa Pagpapalaganap ng Pantay Pantay na Pagtinigin sa Iba't Ibang Lahi**

Kagawaran pang Kalsada

Layon ng Kagawarang Pangkalsada (HyD) ang bumuo at panatilihin ang kalsada, pati ang mga plano maipatupad ang mga pagpapagawa ng riles ayon sa pamantayang pandaigdig. Ang HyD at nagbibigay importansya sa pagsisigurong mayroong pantay pantay na pagbibigay ng serbisyo sa lahat ng miyembro ng publiko, anuman ang kanilang lahi.

Mga Kabilang na Serbisyo

- Ang mga pangunahing sakop ng serbisyo na ibinibigay ng HyD ay ang pagpapalawak at pagpapabuti ng mga kalsada, pagpapanatili ng integridad ng kalsada, at pagbibigay ng suportang teknikal at pagtatalaga ng kalidad na pamantayan para sa pagpapagawa at pagpapanatili ng mga kalsada at pagpapatupad ng Stratehiya para sa Pagpapagawa ng mga Riles at pagsasagawa ng mga plano upang mas lalong mapaghusay ang mga riles.

Mga Umiiral na Alituntunin

- Ang mga impormasyon tungkol sa HyD at ang mga serbisyo nila ay maaaring makita sa website ng HyD sa dalawang opisyal na wika ng Hong Kong (Intsik at Ingles). Karagdagan pa, ang mga impormasyon sa pamamagitan ng mga pampleto at libro ay inilathala rin sa parehong wika para sa publiko.

Pagtatasa ng mga Parating na Trabaho

- Mga puna at mungkahi mula sa mga gumagamit ng serbisyo na ibang lahi ay maaaring itala at ikonsidera.

Karagdagang Alituntunin na maaaring isagawa/ mga dapat ipatupad

- Kikilatisin ng HyD ang mga angkop na pampleta/ aklat para sa pagsasalin ng wika para sa mga taong mula sa iba't ibang lahi at i-upload sa website ng HyD ayon sa pangangailangan.
- Gagamitin ng HyD ang libreng serbisyo ng Interpretasyon at Serbisyo para sa Pagtatanong sa Telepono (TELIS) na ibinibigay ng Center for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents (CHEER) sa walong wika ng iba't ibang lahi, Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese, sa kanilang tanggapan. Ang serbisyo para sa iba pang wika ay maaaring ibigay ayon sa pangangailangan.

- Ang mga karatula para sa publikidad ng libreng serbisyo ng TELIS (na ibinibigay ng CHEER) ay ilalagay sa mga lugar ng tanggapan upang masigurong alam ng publiko ang mga wikang ibinibigay ng serbisyo.
- Ang HyD ay magsasagawa ng mga pagsasanay para sa mga piling kawani upang mapaghusay ang kanilang kaalaman tungkol sa pantay na pagtingin sa iba't ibang lahi

Para sa mga katanungang may kinalaman sa mga umiiral at planong pagpapalaganap para sa pantay pantay na pagtingin sa iba't ibang lahi, mangyaring tumawag sa Assistant Departmental Secretary/Administration sa mga sumusunod:

Telepono no. : 2762 3329
Fax no. : 2714 5216
Email : enquiry@hyd.gov.hk
Postal Address : 5/F, Ho Man Tin Government Offices, 88 Chung Hau Street,
Ho Man Tin, Kowloon

Kagawaran Pang Kalsada
Mayo 2020